

Chapter One



The things she would do for a friend. Umismid si Yvette sa sarili habang inaayos ang kapirasong tela na tinatawag na bra ni Linette. Maliit na iyon pero lalong naging maliit dahil mas malaki ang cup niya sa kaibigan. Halos nakalimutan na niya kung gaano nakakaasiwa ang bikini costume nila sa tuwing sumasayaw sila sa stage o di kaya ay nagbibigay ng lap dance. She knew there was a reason she quit this job ages ago.

“Bagong recruit ka ba?”

Nagtaas si Yvette ng tingin sa babaeng nagsalita. Maliit lang ito pero pang-*Playboy* magazine ang katawan. Tanging mga glitters lang ang nagtatago sa malusog nitong dibdib at isang maliit na bright red triangle na nagpapanggap na thong ang nasa pagitan ng mga hita nito.

“No. Friend ko si Linette. May trangkaso siya kaya ako muna ang magko-cover sa kanya. Ngayong gabi lang ako.”

“Puwede ba ’yon? Hindi ka naman nagtatrabaho dito.”

“Nagtrabaho siya dati dito,” singit ni Darlene na nakaupo sa tabi niya. Inaayos nito ang false eyelashes nito. “Kilala siya ni Ma’am Penny.”

“Ah, kailan ka nagtrabaho dito? Last year lang ako dito.”

“Matagal na. Mga six years na, ano, Darlene?”

“Uhm. Hanggang pagkatapos mong maka-graduate.”

“Ba’t ka umalis? May nakuha kang matandang mayamang madaling mamatay?”

Sabay silang tumawa ni Darlene.

“Wish ko lang, ’no. Uso pa ba ang MMMM? Meron ba talaga n’on?”

Tumayo si Darlene at inayos ang thong nito. “Oo naman. Si Giselle nakabingwit n’on.”

“Ikaw, ’Teh, ba’t ka umalis?” tanong ulit ng babae.

“Wala. Part-time lang talaga ’ko n’on. Pandagdag lang sa allowance n’ong nag-aaral ako ng college.”

“Ah.” Tumango ito at kumuha ng angled brush sa makeup stash ni Darlene. “Kulang ang blush mo, ’Teh, dagdagan natin.”

“Okay, pero ’wag masyadong makapal. Ayokong magmukhang sinuntok.”

Tinapik siya ng kasama sa balikat bago ito lumabas ng kuwarto na nagsisilbing makeup at changing room ng mga dancers.

Kiniskis ng babae ang brush sa isang pink blush.

“Uy, ano’ng name mo?” Hinayaan ni Yvette na i-apply nito ang blush sa kanyang cheekbone.

“Trixie. Ano’ng sked ngayon ni Ate Linette?

“Dalawang pole dance at isang lap dance.”

“Marunong ka pang mag-pole dance?”

“Ginagamit kong exercise ’yon kahit hindi na ’ko pumapasok dito.”

“Ah. ’Yung lap dance, ginagawa mo talaga ’yon dati? Hindi pa ako nakakapag-lap dance, parang nakakailang kasi.”

Nagtaas siya ng tingin kay Trixie. Makapal ang makeup nito, pero sa ilalim noon, nakita niya na bata pa ito. Siguro mga twenty-one or twenty-three pa lang. Mas bata siya rito nang pumasok siya sa *Desire*, at nakikita ni Yvette sa babae ang pag-aalangan na naramdaman din niya nang una siyang pumasok sa ganitong trabaho. Hindi niya naging dream job ang maging pole dancer o lap dancer. Hindi namimilit si Ma’am Penny, pero alam nilang lahat na higit pa sa lap dance ang ibinibigay ng ibang mga dancer sa club. She had nothing against the women who chose to give more than lap dances, but it just wasn’t for her.

“Mga tatlo o dalawang beses lang siguro ako nagbigay ng lap dance noon. Nag-cover din lang ako n’on sa isa sa mga absent. Hindi ka pipilitin ni Ma’am Penny kung ayaw mo.”

“Oo nga. Ang hirap lang kasi talagang maghanap ng trabaho.”

Tinitigan niya si Trixie mula sa salamin.

Nakakunot-noo ito habang marahang pinapadaan sa kabila niyang pisngi ang angled brush.

“Gusto mong umalis dito?”

Nagtaas ito ng tingin at maliit na ngumiti.

“Sana, pero mahirap kumuha ng trabaho kapag hindi ka pa graduate.”

“Nag-aaral ka?”

“Ngayon hindi. Nag-stop ako last year.”

“Ano’ng course mo? Ano’ng year mo na?”

“Banking and Finance. Hindi ko natapos ’yung third year ko.”

Tumango siya at kinuha ang bag. Dinukot niya doon ang isang company card. “Pasa ka ng resume. May opening kami para sa receptionist. Maganda ka at mukhang okay ang personality mo. Try mo.”

Bumukas ang pinto at sumilip sa loob ng silid si Ate Raquel, ang floor manager nila. “Yvette, malapit ka na.”

“Okay, thanks!”

Tumayo siya at inayos ang thong.

Asiwa aside, she gotta admit, she looked hot.

The small gold lacy brassiere made her breasts looked even bigger. Her skin glowed with health and youth. Ngumiti siya habang tinititigan ang kanyang toned abs. Tuwing summer vacation lang niya naibabalandra sa iba ang abs niya magmula nang tumigil siya sa pagpasok sa *Desire*. Sa tingin niya ay hindi siya sobrang vain, pero alam ni Yvette

kung paano alagaan ang katawan at natutuwa rin siyang ipagmalaki iyon kapag may chance.

Pinadaan niya ang mga daliri sa mahaba at kulot niyang buhok at bahagyang ginulo iyon para lalong tumalbog sa paligid ng kanyang mukha. Kinuha niya ang isang scarlet mask at isinuot. Natakpan noon ang kalahati ng kanyang mukha.

“Sige, Trixie, pasa ka na lang ng resume.”

Rumampa siya palabas ng silid sa kanyang six-inch heels.



Sinubukan niyang huwag pansinin ang mga sigawan at catcalls. Hindi iyon mahirap. Six years nang hindi sumasayaw si Yvette sa harap ng mga lalaking gusto siyang ikama pero hindi pa rin nawala sa katawan niya ang rhythm. She still remembered how to block people out. She still remembered how to concentrate on just dancing while ignoring everyone else. The lights, the music, she let it all flow into her blood and allowed her body to sway and writhe into the beat.

Nakaramdam siya ng parang kuryente sa batok at napamulat siya. A low heat curled in her abdomen as she stared at the man near the bar.

He didn't belong here, iyon ang unang pumasok sa isip ng dalaga. Ito ang tipo ng lalaki na hindi kailangang pumunta sa isang bar kagaya ng *Desire* para makakita ng mga halos hubad na mga babae.

Hindi nito kailangang magbayad para sa titillating performances. Sigurado siyang itinatapon ng mga supermodels at movie stars ang mga sarili sa paanan ng lalaking ito. Kahit sa dilim, aninag niya ang matigas at perpektong anggulo ng mukha ng lalaki. The shadows and lights gave his masculine features a feral beauty. And his body...

Gustong tumawa ni Yvette. Sigurado siyang titili si Linette kapag nakita ang katawan ng lalaking ito. Hindi siya mag-o-object. Hindi siya bulag. The guy was built for sex. Naka-black shirt lang ito at kupas na pantalon at tamang-tama ang hapit ng mga iyon para ipakita ang well-toned nitong katawan. He would probably look much much yummiier naked...

Umiling siya sa sarili at ipinagpatuloy ang pagpulpot ng katawan sa pole.

Pero hindi lang ang drop-dead gorgeousness nito ang dahilan kung bakit parang hindi bagay ang lalaki sa lugar na iyon. Pasimple niya ulit ibinaling ang tingin dito habang pinupulpot niya ang mga binti sa mahabang bakal.

Hindi kagaya ng mga lalaki sa paligid nila na sumisigaw ng mga indecent proposals at halos sumusuka ng pagnanasa, the guy looked somewhat uncomfortable.

May pag-aalinlangan sa mga mata nito habang tumatawa at palabirong tinutulak pa ito sa balikat

ng mga kasama nito. At hindi mapirmi ang mga mata nito sa iisang lugar na para bang hindi alam kung saan ito dapat tumingin para hindi mailang. Pero laging bumabalik ang titig nito sa kanya. Then he would blush.

Gusto niya ulit tumawa.

Mr. Sex God was blushing.

Parang gusto niya itong iuwi sa bahay.

Umiling siy Yvette sa sarili at tinapos ang pagsayaw.

Natapos ang dalawang set ng dalaga at walang lingon niyang tinungo ang dressing room para maghanda sa kanyang lap dance. May mga tumawag sa kanyang stage name na 'Scarlet' pero hindi niya pinansin. Dumerecho siya sa dressing room at kumuha ng towel para punasan ang pawis ng katawan.

Kumpara sa pole dancing, mas mahirap sa kanya ang lap dance. Direct contact iyon sa isang client at kahit na may mga bouncer sila sa labas ng mga private rooms, hindi pa rin maiiwasan ang mga paghipo minsan. At kahit wala iyon, sapat ang close physical contact para maasiwa siya.

Tinungga niya ang isang bote ng tubig at sandaling pumikit.

"Yvette, in fifteen minutes, 'yung lap dance mo sa Room 5."

Ibinaba niya ang bote. "Yes, sige," sagot niya

kay Ate Raquel.

Nagpalit siya ng pulang brassiere at thong. Kagaya ng unang costume, maliit sa kanya ang brassiere. Halos lumuwa na roon ang kanyang dibdib. Inikot niya ang mga mata sa sarili.

“Great,” usal niya.

“Forty-five minutes ang lap dance mo.”

“Sino’ng nagla-lap dance ng forty-five minutes?”

“Si Linette. It was supposed to be more than a lap dance.”

“Well, I don’t do more than lap dances.”

“Oo nga, oo na. Sinabi ko na sa mga client—”

“Oy, ano’ng *mga* client?”

“Kaibigan ng birthday celebrant ’yung nag-arrange ng lap dance. Sila ’yung kausap ko, pero ’yung birthday celebrant lang ang sasayawan mo.”

“Buti na’ng maliwanag.”

Umiling si Ate Raquel at inayos ang maikli nitong buhok habang nakaharap sa salamin. “Pero kailangan pa ring gawing forty-five minutes ang lap dance. Ikaw na’ng bahala. May pole din sa room. Bigyan mo na rin ng private pole dancing. Sige na.”

Lumabas ito ng silid.

Tinitigan ni Yvette ang sarili. She was flushed from the heat of the stage and from the dancing. Pero alam niyang may isa pang dahilan iyon. She could still feel the small flicker of heat in her abdomen as she remembered the man near the bar.

Inikot niya ang mga mata. Well, ano ba'ng ini-expect niya? Tao lang siya. Tingin niya ay normal lang ang ma-arouse kapag may ganoon ka-hot na nakatitig sa kanya.

Nag-apply siya ng coat ng pink lip gloss bago lumabas ng silid.

Umakyat siya sa second floor ng bar kung saan naroon ang mga private rooms. Sinubukan niyang huwag isipin kung ano'ng nagaganap sa likod ng mga pinto roon.

“Musta na, Frankie!” Nakipag-fist bump siya sa bouncer sa pagitan ng Room 5 at 4.

“Bouncer pa rin.”

Tumawa siya at lumapit sa pinto ng room five. “Andyan na sila?”

“Wala pa. Ikaw, musta na?”

“Poorita pa rin.”

Ngumisi ang bouncer at pumasok siya sa loob ng private room. Isa sa mga deluxe room ang Room 5. May malaking black leather couch sa isang gilid at may maliit ding stage na may pole sa gitna. Kulay black, red at metallic silver ang kuwarto. May mga nude pero tasteful abstract painting sa mga pader. The room oozed of sex and passion.

Dalawa ang sigurado; may pera ang kliyente ni Yvette at hindi lang lap dance ang gusto nitong makuha. Or at least, hindi lang lap dance ang gustong ibigay dito ng mga kaibigan

nitong kumuha ng silid. Well, pasensya sila at nagkatrangkaso si Linette.

Nakarinig siya ng mga tawanan at boses sa labas ng silid.

“Come on, Liam, rise and shine! Loosen up!”

“I don’t need this. Lasing na kayo, umuwi na tayo—”

“No, no, no, no!” Nasundan iyon ng mga tawanan. “You’re going to enjoy this, birthday boy!”

Bumukas ang pinto at pumasok ang ingay ng club sa loob ng kuwarto. Itinulak ng tatlong tumatawang lalaki ang isang binata sa loob ng silid.

“Josh! For Christ’s sake—”

“Happy birthday, Liam!”

Hinila pasara ng mga lalaki ang pinto.

Pero halos hindi na niya napansin iyon.

Malalaking mata siyang nakatitig sa binatang itinulak ng mga ito papasok sa silid.

“Shit, I’m really sorry about this, my friends are just—” Natigilan ito nang tuluyang makita si Yvette.

Mas guwapo ito sa malapitan.

Kulay hazel ang mga mata ng lalaki at mahahaba ang pilikmata nito. At tila nililok ng mga diyos at anghel ang bawat anggulo ng mukha. He had such sensual lips. They looked so full, so soft and so darn tempting. Those lips were made for kissing, for licking, for biting and for...

Nakita niya sa isipan ang mga labi nito sa

kanyang balat, sa kanyang leeg, pababa sa kanyang dibdib.

Parang nasira ang air conditioning system sa loob ng silid.

He was so darn tall. Probably more than six feet. Five eight ang height ni Yvette at sa tangkad niya, nahihirapan siyang makahanap ng lalaking hindi mai-intimidate sa kanya.

“Oh... it’s...” Umawang ang mga labi nito at gumapang ang kulay sa mga cheekbones.

Hindi niya mapigilan, tumaas ang sulok ng kanyang mga labi.

“Well,” anas ni Yvette. Ramdam niya ang pagbugso ng adrenaline at ng kung ano pang pakiramdam sa kanyang mga ugat. “Let’s get started.”



Chapter Two



“I don’t need a lap dance.”

Napatigil si Yvette sa paglakad papunta sa lalaking nakatayo sa may pinto. Hindi niya mapigilang mamangha sa pag-blush nito. Guys who looked as hot as him didn’t blush. Guys who looked as drop-dead gorgeous as him knew they were drop-dead gorgeous. Madalas ay arogante at overconfident ang mga ganito kaguwapong lalaki. Walang kakayahang mag-blush ang mga kauri nito.

“Ah, ano.” Itinaas ng lalaki ang dalawang kamay, nakaharap ang mga palad sa kanya na para bang sinasabing huwag siyang lalapit. “Ah, my friends arranged for this, but I didn’t agree with this. I know it’s already paid and all, so I’m not cancelling this. But I really don’t need a lap dance.”

Hinilig niya ang ulo sa kanan. “Are you gay?”

Bumuka ang mga labi nito, tapos ay tumawa.

“I don’t believe there’s any study proving a relationship between homosexuality in men and not taking lap dances.”

Tumaas ang kanyang kilay.

Bahagyang ngumiti ang lalaki at lumabas ang isang dimple nito sa pisngi. Okay. Hindi siya mahilig sa dimple, pero parang magbabago na iyon

ngayon.

Lumapit ang lalaki sa couch at umupo. May bote roon ng *Absolut Vodka* at nagtaas ito ng tingin sa kanya. Nakita niyang lalong tumingkad ang pag-blush nito.

“You want a drink?”

Lumakad siya palapit dito. Hinayaan niyang mag-sway ang hips niya sa kanyang paglapit. Kagaya ng ibang mga dancers sa club, nagpapanggap na thong ang suot ni Yvette sa pagitan ng kanyang mga hita. The darn thing could barely cover the lips of her sex. She had always hated it. Pero nang mga oras na iyon, ramdam niya ang isang mainit na namumuong likido sa kanyang puson sa pagtitig sa kanya ng lalaki.

The friction of soft fabric against her flesh every time she moved brought tendrils of heat pulsing into her womb. She could feel hot liquid oozing between her folds, and if she wasn't careful, she knew it would drench the fabric. It was a bit mortifying but there it was. And she had always been too jaded for denial.

Natuon sa balakang niya ang titig ng lalaki at hindi puwedeng magkamali si Yvette sa nakikita niya sa mukha at katawan nito.

Arousal. Heat. Primal desire. The blaze in his eyes and the bulge in his pants couldn't be mistaken for anything else. Definitely not gay. Isa

pa, napaligiran siya ng mga beki mula pagkabata. Maaamoy ng dalaga ang isang bakla kahit isang milya pa ang layo nito.

This man smelled of pure testosterone.

Napatigil siya. “Are you married?” Napagkit sa kaliwang kamay nito ang tingin niya.

Walang singsing doon. Naguluhan siya roon kaya tiningnan niya pati ang kanan nito. Sabi ng iba ay sa kanan daw minsan sinusuot ang wedding ring. Pero wala ring singsing doon.

“What?” Distracted itong napakurap. “Married? Why? No, I’m not.”

“Girlfriend? Fiancée? M.U.? Nililigawan? Complicated?”

“What? Why? Anong complicated?”

“You’re not gay, but you don’t want a lap dance. Siguro unavailable ka, or in a relationship. Or it’s complicated.”

Sandali siya nitong tinitigan, tapos ay muli itong tumawa. Hindi nakakainsulto ang tawa nito, instead, the sound of his laughter warmed her.

“Bakit ganyan ang assumption lagi ng iba?”

Tinitigan niya ito nang ilang segundo. Tapos ay nagkibit-balikat si Yvette at umupo sa kabilang side ng sofa.

Ayaw nito ng lap dance? Well, fine. Bayad na ito at hindi na maapektuhan ang commission ni Linette.

Aaminin niya, honest siya sa sarili kaya kaya niyang aminin na medyo disappointed siya na hindi niya ito mabibigyan ng lap dance. Okay, hindi lang medyo, disappointed talaga siya.

She was honest enough to admit she was attracted to the guy, and she was perverted enough to actually want to touch him a bit.

Well, kahit isang menopausal na mongha ay pagnanasahan pa rin ang lalaking ito sa tingin niya. At kahit kailan ay hindi siya naging santa.

“Forty-five minutes ang binayaran ng mga kaibigan mo.” Kinuha niya ang bote ng alak at nagsalin sa baso. “No refund.”

Nakatitig ito sa kanya at kita ni Yvette ang pagdaloy ng pagnanasa sa mga mata nito. “It’s okay. It’s their money, anyway.”

Umayos siya ng upo para humarap sa lalaki. Then, hindi niya napigilan ang sulsol ng demonyitang side niya. Dahan-dahan niyang itinaas ang isang binti para ipagkrus sa kabila.

His gaze drifted to her legs, and caught the moment when she lifted her leg and gave him a better view of the area between her thighs.

“F*ck.” Tinungga nito ang baso ng alak. “Don’t do that.”

Hindi niya napigilang tumawa. “Are you sure you don’t want a lap dance?”

“This is not funny,” reklamo nito.

Muli siyang tumawa. Mukha itong iritadong bata na inaasar ng kalaro. “So, bakit nga ayaw mo ng lap dance?”

“Let’s change topic.”

“Forty-five minutes tayo dito, so sagutin mo na lang.”

Bumuga ito ng hangin at muling uminom ng alak. “I’m just not comfortable with the idea.”

“Of a lap dance?”

“Of a stranger giving me a lap dance.”

“Ah.”

Napatuwid ito ng upo at napaharap sa kanya. “No offense, hindi ko sinasabing—”

“Okay lang, hindi rin ako komportable sa lap dance.”

Napakunot-noo ito, tapos ay sumeryoso ang ekspresyon ng guwapo nitong mukha. Nawala ang blush nito at napalitan ng isang determinadong ekspresyon. “Then, what are you doing here? Pinilit ka ba nila? Illegal ba ang club na ’to? Is there—”

“Calm down, legal ’tong bar, ano ka ba!”

Sumandal siya sa upuan at bahagyang iniunat ang mga binti. Dumukwang si Yvette para tanggalin ang mga killer heels niya. Magandang tingnan ang mga iyon pero parang mode of torture sa sakit.

“Tanggalin ko lang, ha?” Itinaas niya ang tingin sa lalaki at nakitang nakatitig din ito sa kanya.

He was looking at her legs again.

Tumawa siya at tinanggal ang mga heels.

Iniwas ng binata ang tingin at kita niyang namumula ito hanggang tainga. “You’re doing this on purpose,” untag nito.

“No, I’m not.” Muli siyang umayos ng upo at humarap dito. “Liam, right?”

Wala itong nagawa kundi ang humarap din sa kanya. The soft lighting kissed his face, making him look like an ethereal god from some forgotten time.

“Yes, and you?”

“Scarlet.”

“That’s not fair, that’s not your real name.”

“Correct.”

“Why are you here if you’re not comfortable with giving lap dances?”

Nagkibit-balikat siya. “Long story, pero hindi ako pinilit dito. Don’t worry.”

“Are you in some sort of financial problem?”

“Sino ba’ng walang financial problem?”

Bumuka ang bibig nito tapos ay tumikom din.

Hindi niya mapigilang ngumisi. “Of course, may mga ubod ng yaman na hindi pinoproblema ang pera. Ikaw for example.”

“I’m not.” Sumandal din ito sa sofa at tumitig sa kanya. The arousal still flickered in his eyes, but there was easiness there, too. “I’m serious. Do you have some financial problem that’s why you’re working here?”

“Why? Tutulungan mo ’ko?”

“Yes.”

Bumuka ang bibig ni Yvette pero tumikom din siya. His hazel eyes remained calm and steady. It was stupid, pero parang naghabulan ang tibok ng puso niya.

“You’re good. Ginu-good time mo lang ako tungkol sa ayaw mo ng lap dance, ano? You actually want it and you want more than that. So you’re acting like this nice guy to get me to f*ck you. Not happening. Lap dance, take it or leave it.”

“I’ll pretend you just didn’t insult me. And I’m serious. If you’re in some financial difficulty so you’re doing this, my sister can help. She heads an NGO designed to help women in need. I’m sure she can help with something like this. I’ll give you her contact number.” Dinukot nito ang wallet sa bulsa nito at kinuha roon ang isang card.

Naalala ni Yvette ang ginawa niya kanina kay Trixie, nang bigyan niya ito ng card at sinabihan itong magpasa ng resume.

Tinitigan niya ang card. Narinig na ng dalaga ang pangalan ng foundation na iyon. Tinutulungan noon ang mga babaeng makawala at maka-recover mula sa mga mapang-abusong relasyon at sitwasyon.

Itinaas niya ang titig sa lalaki.

Wala na ang blush sa pisngi ni Liam o pag-

aalinlangan at pagnanasa sa mukha nito. His jaw was hard with determination and resolution. Tila nilusaw na ginto ang mga mata nito.

Naisip niya, puti kaya ang sasakyan nito? Kasi kapag nagkaganoon, para na itong modern knight-in-shining-armor. Hindi nga lang white horse ang dala ng lalaki kung hindi isang puting sasakyan.

She smiled, this time, not with the intention of teasing and making him lust for her. She smiled with gratitude.

She had always been jaded, but she was not jaded enough to think that everyone had ulterior motives. She knew there were still people like this man who actually wanted to help those who needed it.

“Salamat.” Inabot ni Yvette ang pisngi ng lalaki at inilapat ang kanyang palad doon. Gumapang siya papunta dito at inilapit ang mukha sa mukha nito.

His eyes widened, and that flicker of heat crept into his golden eyes again.

“Salamat.” Hinagkan niya sa pisngi si Liam.

He stiffened, and she all but tasted the tension his body exuded. She let her lips linger a moment longer on his cheek before drawing away.

Bumalik siya sa dati niyang upo at muling sumandal sa upuan.

Nakatiim-bagang ang kaharap, at iniwas ang

tingin sa kanya. Tumikhim ito para paluwagin ang lalamunan tapos ay nagsalin ulit ng *Absolut Vodka* sa baso at tinungga iyon. “Yeah, that’s okay.”

“So, birthday mo.”

Tumango ito at muling sumandal sa upuan. “Yeah.”

“And you’re friends dragged you here. Why?”

Matabang nitong tinitigan ang baso ng alak bago ibinaling sa kanya ang tingin.

Inutusan niya ang sariling huminga nang maayos. There’s something about those intense golden eyes that made her nervous.

“They said I need to loosen up. I’m not comfortable with these kind of things. According to them, there’s something wrong with me.”

“You don’t agree.”

Malawak itong ngumiti at hindi niya mapigil ang muling paghabulan ng tibok ng kanyang puso.

“Yes, I don’t. I’m just not comfortable, that’s that. Just because I’m different doesn’t mean there’s something wrong with me.”

“Nice.” Malawak na ngumiti si Yvette. “I think in a way, weird naman lahat ng tao.”

“Finally. Someone who agrees with me.”

Tumawa siya roon. “We’re all different. Importante lang na kilala natin kung sino tayo at matanggap natin ’yon. You know who you are and you’re not afraid to be who you are. I think that’s

one of the most beautiful things. It's important to know what we want, what we feel, what scares us, what makes us smile, what makes us cry, it's important we know who we are."

May kung anong kuminang sa mga mata ni Liam at tumaas ang sulok ng mga labi nito. "*Master Wing, Hunter x Hunter.*"

Namilog ang mga mata ni Yvette na parang nakakita ng portal papuntang *Greed Island*.

"Whoa! Alam mo 'yon?"

Lumapad ang ngiti nito. "Uh-huh."

Lumapit siya rito at bumulong na para bang may sasabihin siyang national secret. "I'm a quasi otaku."

"No shit?"

Hinilig niya ang ulo sa kanan. "Alam mo ang ibig sabihin ng otaku?"

"Basically? Someone who's obsessed with anime and mangas."

Pakiramdam ni Yvette ay mapupunit ang pisngi niya sa pagngiti. "Are you?"

"Quasi din siguro. I do love anime and mangas, but I don't attend conventions. And I do have a social life. Sort of."

"Same. Mahilig lang akong manood at magbasa."

"All time favorite anime?"

"Tinatanong pa ba 'yan? *Ghost Fighter!*"

Bumagsak ang ulo nito sa sandalan at malakas na tumawa. “That’s so lame. Bakit *Yu-Yu Hakusho*?”

“How dare you!” Nainsultong hinampas niya ito sa balikat. “Come on! Hindi maitatangi ang contribution ng *Ghost Fighter* sa anime industry sa Pilipinas! Grabe ang fame n’on nung kapanahunan n’on! Lahat ng bata sa street namin, umuuwi para manood. Kahit matanda nga umuuwi ng bahay para manood n’on! Tatlo lang, as in tatlo lang ang nakita kong ganyan katindi ang epekto sa Philippine society. *Marimar*, *Ghost Fighter* at *Meteor Garden*!”

“*Dragon Ball*, you can’t neglect *Dragon Ball*.”

Umiling si Yvette. “Unquestionable ang fame ng *Dragon Ball* pero hindi siya sumikat sa Pilipinas ng one time big time. ’Yung may ultimate shining moment kumbaga. Fragmented ang time frame ng pagsikat niya. But *Ghost Figther*? Talagang tinrangaso ang buong Pilipinas nung kapanahunan n’on!”

Nakangiting tumango si Liam at itinaas ang isang binti para makaharap nang mas maayos sa kanya. “I agree. But in terms of depth and characterization, mas panalo ang *Rurouni Kenshin*.”

Siya naman ang tumawa at sumandal sa likod ng upuan. Pakiramdam niya kumain siya ng tatlong bar ng *Toblerone*. “Gusto kong mag-disagree, pero mahal ko rin si Kenshin Himura so hindi ako

makikipagtaló.”

“The political issues raised by Shishio were valid, and proved true for Japan. It’s a bit ironic, isn’t it? How Kenshin won the battle with Shishio but in real life, Japan did what Shishio believed in.”

“*The strong survive, weak perish.* Survival of the fittest. Sinakop ng Japan ang Korea at ilan pang mga bansa sa Asya kasama na ang Pilipinas nung World War II. The mighty conquers the helpless. True. Pero iyon nga siguro ang theme ng *Rurouni Kenshin*, di ba? Kasi hindi siya sang-ayon sa ginawa mismo ng Japan. Isa pa, natalo rin sila ng America. Pasabugan ba naman sila ng nuclear bomb.”

Tumango si Liam. “Yes, puwedeng iyon din mismo ang gustong idiin ni Nobuhiro Watsuki. Na hindi tama ang paggamit ng dahas para patigilin ang dahas. Iyon ang ginamit ng Japan noon, at iyon din ang ginamit sa Japan. At ang daming inosenteng namatay. He’s against that. But nuclear bomb served as self-preservation weapon for everyone.”

“True. Parang tinakot ng Amerika ang lahat gamit ang isang ultimate destructive weapon na puwedeng makaapekto at pumatay sa lahat kapag nagpatuloy ang giyera. Parang ‘stop the war or we will all die’. Parang sa *Gundam Wing*.”

“Exactly. ’Yon ang ginamit ni Zechs at Treize para patigilin ang giyera, at muntikan nang

magunaw ang mundo. Do you believe that? Kailangan ba talagang takutin minsan ang tao para sumunod?”

“Well, ideally, tingin ko hindi dapat. Hindi magandang gamitin ang takot para pasunurin ang mga tao. Mas maganda kung naiintindihan talaga nila ang dahilan kung bakit kailangan nilang gawin ang dapat nilang gawin. Pero mahirap iyon lalo na sa simula. So siguro minsan, acceptable na manakot sa simula, pero kailangan pa ring i-educate ang tao para malaman nila kung bakit kailangan nilang gawin ang dapat nilang gawin.”

Ngumiti ang binata at pakiramdam niya ay nagkamali ng pasok ang dugo sa puso ni Yvette. Lumakas ang kabog noon.

“I think I should have joined those conventions, or at least some forums ages ago. It’s nice to have an indepth analysis of some political and socio-economic issues discussed in anime with someone who understands it.”

Hindi rin niya mapigil ang pagngiti. “Yeah, dapat ’ata nag-attend din ako ng mga conventions at sumali sa mga forum. Dini-discuss ko rin ’to sa mga classmates at friends ko, tinitingnan lang nila ’ko na parang dalawa ang ulo ko.”

Tumawa si Liam at tumango. “I know the feeling. My friends and family think I need a life. I have a life, just not the way they want it to be.

Now, ano'ng favorite RPG game mo?"

"Ah, sorry. Mukhang hindi mo na 'ko maasahan d'yan. I'm not much into games."

"What? You can't be a quasi otaku without getting into RPG games! Action-adventure games?"

"Poorita lang ako, wala kaming mga PS2, 3, o kung ano mang number na ngayon ang PlayStation."

"Four, four ang huling labas. At may mga games na exclusive for Xbox."

"See? Sa anime at mangas, cable channel, pirated DVDs at Internet lang ang kailangan ko."

"No. No. This is not acceptable. You have to learn at least something basic. *Final Fantasy*, you have to start with that."

"Ah! Squall Leonhart!" Kinikilig siyang tumili.

Inikot ni Liam ang mga mata. "Girls. Not that. *Final Fantasy VII*. Si Cloud, mas maganda 'yon. D'on ka magsimula."

"Can't. As much as I want to, hindi na puwede. Busy ako sa trabaho."

Nawala ang kislap sa mga mata ng binata at bumalik ang dilim sa mga iyon. "You mean here?"

Napatikom si Yvette. Dapat ba niyang palawakin ang discussion nila tungkol sa sarili? Umiling siya at simpleng ngumiti. "Basta. So bakit hindi ka nag-join ng mga conventions at forums?"

Nanatili itong seryosong nakatitig sa kanya,

parang pilit binabasa ang isip niya.

Inikot ni Yvette ang mga mata. “Come on, sagot na.”

Kumunot-noo si Liam, tapos ay umiling. “Fine,” he muttered. “Busy rin ako. Sa school noon, ngayon sa work. Hindi na rin kinaya ng schedule ko.”

“Where do you work?”

“*Hermes Lab*, it’s a local pharmaceutical company. I’m one of their chemists.”

“Wow, ang talino mo siguro. Muntikan na ’kong bumagsak sa Chem nung high school.”

“Hindi lang siguro magaling ang teacher mo. Chem is fun.”

“Uh-huh. I bet tingin mo masaya rin ang Math at Physics.”

Lumapad ang ngiti ni Liam. “Now, bakit mo naman naisip ’yon?”

Nalaman niyang Math at Physics geek din ito. Hindi siya masyadong maka-relate, pero natuwa si Yvette nang ginamit nitong example si *Kenshin Himura* at ang pag-execute nito ng *Hiten Mitsurugiryu* para i-discuss ang *Kinematic Equation*. Ginamit din nito ang *Laws of Thermodynamics* para ipaliwanag ang ilang mga functions ng *Neon Genesis Evangelion* robots.

“Shit.” Naiiling siyang tumawa at tumungga ng alcohol sa baso. “Dapat naging tutor kita sa Chem, Math at Physics noon. Baka naging naging Math

major ako.”

Tumabing ang ilang hibla ng buhok niya sa pisngi at hinawi niya iyon. Nakapa ng dalaga ang magaspang na maskarang nagtatago sa kalahati ng kanyang mukha. Natigilan siya. Nakalimutan niyang naroon pa pala iyon.

Nakataas ang sulok ng mga labi ni Liam habang nakatitig sa kanya. “Yeah.”

Hinila ni Yvette ang buhok palayo sa mukha pero sumabit ang ilang hibla sa kanyang maskara. Mahina siyang nagmura.

“Hey.” Lumapit sa kanya si Liam.

“Sumabit lang ’yung buhok.”

“Here, let me help.”

She could smell him. Cool, clean and fresh. Like the air after the rain. Masculine. Kung gagawan ito ng pabango, iyon dapat ang pangalan noon. Sigurado siyang magiging mabenta iyon.

“Wait, we have to—”

Snap.

Napigtas ang tali sa gilid ng kanyang tainga at nalaglag ang maskara sa kanyang mukha.

Malalaking mata siyang napatitig kay Liam. His eyes were wide too, the clear orbs a pool of golden liquid.

Maingat siyang humugot ng hangin. Wrong move. Nanuot lalo sa kanyang ilong ang mabangong amoy ni Liam. Para iyong droga na

nagpahilo sa kanya.

Lalong bumilis ang tibok ng puso niya at tila may apoy na kumakalat sa kanyang mga ugat.

“I’m sorry,” usal ng binata, ang mainit at mabango nitong hininga ay dumadapo sa kanyang mga labi. “I didn’t mean to... I was just—”

Inilapat ni Yvette ang mga labi sa bibig nito.

Parang may kumuryente sa kanya.

Napasinghap siya at mabilis na umurong. “Shit. I’m sorry, I didn’t mean...”

His clear eyes had gone so dark they were almost black. His jaw was clenched tight, his lips pursed in a hard line. Lust seeped out of his pores she could taste it on her tongue.

“I...”

Hinila siya ni Liam sa batok at muling pinaglapat ang mga labi nila. His tongue slid into her mouth, and his taste drowned her last logical thought. Spicy, minty, with a hint of sweetness soaked in pure male lust. Umungol siya at umarko ang kanyang katawan para lalong idikit sa matigas na katawan nito. Pumulupot ang mga braso niya sa leeg ng binata.

Hard, warm male. She wanted to lick and bite every inch of him.

Dinama ng mga palad niya ang malalapad nitong balikat, ang matigas nitong likod. His big warm hand cupped her breast and she gasped. His

palm felt so hot and so rough against her smooth flesh. He squeezed and kneaded the plump mound until they swelled and ached with too much stimulation.

“Liam...” Bumaon ang mga daliri niya sa balikat nito.

Bumaba ang bibig nito sa kanyang panga, sa kanyang leeg, papunta sa kanyang dibdib. Shocks of heat pumped through her veins as his hot wet tongue licked the swell of her breasts.

Naramdaman ni Yvette na hinila nito ang string ng kanyang brassiere. Tila malalagutan siya ng hininga. The cool air made the tips of her breasts puckered even more. They felt so tight and so hard and so—

She cried out when his soft wet lips surrounded one tight peak. He suckled hard and deep, drawing the bruised tip into the hot wetness of his mouth.

Bumagsak ang likod ng ulo niya sa sandalan. Nahihilo siya, wala siyang makita, tila rumaragasa ang init sa kanyang ulo.

Then she felt his hands between her thighs, caressing her through the thin fabric of her thong. Her hips jerked with the electric jolt. He rubbed her through the wet fabric, his fingers tracing the contours of her sex through drenched scrap of nylon.

Paulit-ulit niyang dinaing ang pangalan ni Liam.

Gumapang pabalik ang bibig nito sa kanyang panga at mga labi.

“Name,” he rasped against her lips. “Tell me your name.”

“I can’t—”

“Your name, goddamn it.” He pressed his fingers against her slick swollen folds.

Napadaing siya nang malakas. “Yvette...” she rasped. “Y...Yvette.”

He groaned, sank his teeth into her lips. “Yvette.” He covered her mouth with his as his fingers pushed aside the tiny cover between her thighs, and sank into her tight wet heat.

The world blurred into colors.

Her body tightened around him. She could feel him pushing into her tightness, working the clenching muscles until they leak with her cream.

She could only move her hips in time with his hand, could only open her mouth wider to let his tongue deeper.

“Liam! Yo, bro! Forty-five minutes is up!”

May malalakas na katok sa pinto.

Hindi niya siguro napansin iyon. Kahit pa siguro pumasok ang mga kaibigan ni Liam ay di pa rin niya magagawang mapansin ang mga ito. Pero naramdaman niyang nanigas ang kasama. Naramdaman niyang tumigil ang mga daliri nito at ang bibig.

Doon narinig ni Yvette ang mga katok, ang mga boses at tawanan.

Daig pa niya ang nilublob sa nagyeyelong ilog. Nanigas ang kanyang katawan at nanlamig pati ang mga buto niya.

Marahas niyang itinulak ang binata.

Hinihinala din ito at mabibigat ang talukap ng mga mata sa pagnanasa. Mabilis niyang inayos ang kakarampot na mga damit at tinakbo ang pinto. Hindi na siya nag-abala sa stiletto. Just as well. Hindi siya makakatakbo kung suot niya ang mga iyon.

“Yvette! Wait!”

Hindi niya ito pinansin at hinila pabukas ang pinto.

“Yo, Liam—ah—”

Itinulak niya ang mga kaibigan ng lalaki at tinakbo ang hagdan.

“Yvette!”

Hindi niya pinansin ang pagtawag nito.

Kabisado niya ang lugar, kaya hindi siya nahirapang makabalik sa changing room kahit maraming tao. Hinila ng dalaga ang mala-troso sa laking braso ng isa sa mga bouncer.

“Wag kang magpapasok ng client dito. Kapag tinanong kung nasaan ako, hindi mo alam.”

Tumango ang mala-wrestler sa laki na bouncer. “Standard procedure ’yan.”

“Good. Thank you.” Pumasok siya sa loob ng silid at mabilis na nagbihis.

Pumasok si Ate Raquel. “Yvette, ano’ng ginawa mo? Hinahanap ka ng client mo.”

“Wala. At huwag na huwag mo siyang papasukin dito.”

“Of course not. Ano ba’ng—”

“Wala, aalis na ’ko.” Sinara niya ang butones ng pantalon at isinuot ang hooded jacket. “Kung magbibigay siya ng tip or whatever, ibigay n’yo kay Linette.”

“Teka, Yvette—”

“Aalis na ’ko.” Ginamit niya ang labasan para sa mga dancers at tinungo ang exit na para din sa kanila.

Malakas ang ulan sa labas pero hindi niya ininda. Hindi siya nakahinga nang maayos hangga’t hindi siya nakakasakay sa taxi. At kahit na ilang kilometro na ang layo ni Yvette sa club, hindi pa rin lumuluwag ang buhol sa sikmura niya.

Pumikit siya at iniuntog ang noo sa sandalan sa backseat.

